# K-12 KURIKULUM TUNGO SA KALAKASAN

*by:*
**John Christian I. Natanauan**

Ang bagong kurikulum o mas kilala bilang K-12 ngayon ay isang magandang simula o punasyon para sa mga mag-aaral na papasok o patungo sa kolehiyo. Makapaghahanda ang bawat isa sa kanilang mundong dapat at tunay na ginagalawan. Nakapagdudulot ito ng mgabagong kaalaman na limitado noong unang kurikulum, lalo na sa Technical, Education Skills Development Authority (TESDA) Programs na maaaring makuha ng mga mag-aaral. Sinasabing ang kurikulum na ito ay nagtataglay ng mga kaalamang mas mataas ng dalawang taon sa iyong antas.

Ang mga magtatapos ng Senior High School (SHS) o ika-12 baitang ay maaari nang makapagtrabaho sapagkat sa pagtuntong nila ng SHS ay binibigyan na rin sila ng asignaturang pangkolehiyo. Mayroong apat na tracks ang Senior High School, ito ay ang (1) Academic; (2) Technical Vocational Livelihood; (3) Sports; and (4) Arts and Design. Para naman sa kanilang core curriculum, mayroon itong walong learning areas, ito ay ang mga: Language, Mathematics, Science, Communication, Philosophy, Humanities, Social Science, P.E and Health.

depedbataan.com The Official Website of DepED Division of Bataan

Ayon sa ating gobyerno, mababa raw ang kalidad ng edukasyon sa Pilipinas at sa pamamagitan ng Kto12 ay mapatataas ang kalidad ng edukasyon sa bansa. Isa sa mga problemang maaaring masolusyunan ay ang aspetong pinansyal ng isang pamilya. Sa pagtaas ng mga presyo ng bilihin at paglobo ng populasyon, nakikita ng pamahalaan na makatutulong ito sa bawat mag-aaral lalo na ang mga walang kakayahang makapagkolehiyo. Ang dating labing-apat na taon sap ag-aaral ay nabawasan ng dalawang taon. Marahil ang ilang magulang ay nababawasan ang sakit na dulot ng pagkabutas ng bulsa dahil sa patong-patong na gastusin sa pang araw-araw.

"We need to add two years to our basic education. Those who can afford to pay up to fourteen years of schooling before university. Thus, their children are getting into the best universities and the best job after graduation. I want at least twelve years for our public school children to give them an even chance of succeeding" - Ayon sa dating Presidente ng Pilipinas na si Benigno S. Aquino III na naglungsad ng K-12 Curriculum sa kanyang termino"

Gayunpaman, mas makikita ang laking tulong nito kung tutuntong pa rin sa kolehiyo ang mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito, mas makukuha ng mga trabahong pangmatagalan at pang propesyunal. Ang kursong kinuha nila sa SHS ay magsisilbing haligi sa mas malalim pang pag-aaral sa kolehiyo. Isa pa sa bentahang naidudulot nito ay ang pagiging kompetitibo ng ating bansa sa iba pang bansa.

Dahil sa pagtanggap ng nasabing kurikulum ay tumataas ang lebel ng ating pagkakakilanlan . Noo'y isa ang Piulipinas saa iilang bansang mayroong tradisyunal na kurikulum ngunit dahil sa K-12, ang paglago o pagproseso ng ating bansa ay hindi na malilimitahan. Wala nang maaaring humamak sa ating pagkatao sapagkat tayo'y nakikiisa sa ipinatupad na kurilukum.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Maaaring may ilan mang hindi sang-ayon hanggang sa kasalukuyan o hindi ito lubusang maunawaan ngunit sapat na ang malaking bahagdan ng mamamayan sa sumusuporta rito. Darating ang panahong lahat tayo'y kusang yayakapin ang pagbabago na dulot ng kurikulum. Ang nais ko lamang bilang isang indibidwal ay maipatupad ito ng maayos. Ang sistema'y higit pang palawakin nang sa gayo'y hindi na magkaroon ng agam-agam ang ibang mga magulang para sa seguridad ng kinabukasan ng kanilang anak.

Walang ibang hangad ang bagong kurikuum na ito kundi ang makitang lumusong at makisabay an gating bansa sa iba pang bansa. Marapat na bigyan ng sapat na kaalaaman ang lahat ukol sa benepisyong maidudulot nito.

*References:*

Website: Author, D. M. San Juan (2013) Mga Tanong at Sagot Hinggil sa Kto12 Program ng Gobyerno ng Pilipinas. Retrieved from: philippinesbasiceducation.us/2012/05/k-to-12-program-ng-gobyerno-ng.html

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan